

Tiausas, Paolo Miguel G.

Prop. Joseph Salazar

FIL 205.1

12 Mayo 2019

Lahat ng Nag-aangas ay Inaagnas:

Panimulang Sipat sa Isang Poetika ng Pagkalalake

To speak of masculinity, in general, *sui generis*, must be avoided at all costs. It is as a discourse of self-generation, reproduced over the generations in patrilineal perpetuity, that masculinity seeks to make a name for itself.

- Homi Bhabha, "Are You a Man or a Mouse?" (Bhabha 1995, 57)

Introduksiyon

Nasa maparikalang posisyon ang adhikain na basahin ang akda ng isang lalake na manunulat gamit ang lente ng masculinity o pagkalalake. Sapagkat nananatili ngang dominante ang poder ng pagkalalake sa mga larangang historikal, kultural, at politikal, maaaring mahulog lamang sa isang uri ng pagkakakahon at simplipikasyon ang alinmang pagtatangka na suriin ang pagkalalake ng isang akdang sinulat ng isang lalake. Dalawa ang karaniwang patibong ng ganitong proyekto: Una, maaaring basahin ang tula bilang nakakawing at dinadalayuan ng kapangyarihang matagal nang naiayon para sa mga lalake dulot ng isang kasaysayan ng patriyaraka, at sa gayon ay nagsisilbi lamang bilang patunay ng ganoong mapangwasak na tradisyon. Ikalawa, maaari namang basahin ang tula bilang pangongontra sa ganoong mga nakasanayang tradisyon at gawi, kaya ngayon at magbubunsod ng pagsusuri, pagrerekomenda, o

kaya tulurang pagbabaliklad sa ganoong mga uri ng artikulasyon ng pagkalalake. Bagaman wala namang mga pamantayan na nagsasaad na hindi katanggap-tanggap ang ganitong mga pagbasa, at kung tutuusin ay napakahalaga pa nga na magpatuloy ang ganitong trajectory ng kultural na kodipikasyon, kakatwa sapagkat dalawa lamang kung gayon ang naiiwang posibilidad para sa pagbasa ng pagkalalake: maaaring nakasasama ka, o maaaring patungo ka sa mas mainam/alternatibong mga artikulasyon ng pagkalalake. Kakatwa ito, lalo, sapagkat sa dalawang maskarang ito ng pagkakalake, mainam pagmunihan kung talaga nga bang may mukhang nagtatago sa likod ng mga ito. Sapagkat, hanggang sa puntong ito, tila naliligaw at naglalaho pa rin ang anumang panimulang pagsipat sa “lalake”—nariyan lamang ang bersiyon nitong dapat puksain, nariyan lamang ang bersiyon nitong kumakawala na. Nasaan ang orihinal at gitna?

Itong paghahanap ng gitna o imbestigasyon sa pawala-walang pagkalalake ay nakabuntot lamang sa mas mahalagang proyektong sinusundan ng mga pag-aaral na nabanggit sa itaas—na sa kasaysayan ay matutukoy ang mga lalake at ang pagkalalake bilang mga mapangwasak na puwersang nanghahamak ng mga marhinalisadong identidad at kasarian. Hindi maaaring ihiwalay ang usapin ng pagkalalake sa pagkakabuo nito sa poder ng patriyarka. May ganitong babala si Solomon-Godeau sa sanaysay niyang “Male Trouble”:

[When] "masculinity" (gay, straight or bi, and its many avatars) is interrogated, analyzed, destabilized, and discursively fussed over, but the word "patriarchy," seldom uttered, can, despite enlightened intentions, seem disturbingly disconnected from the worldly effects of privilege and power that are, after all, what the word "patriarchy" denotes. (Solomon-Godeau 1995, 76)

Sa ganang ito, ang alinmang pagsusuri ng pagkalalake sa akda ng isang manunulat na lalake ay dapat naghahangad na makagawa ng kontribusyon sa ganitong pagtatanggal ng kapangyarihan ng patriyarka. Ano mang pagsisiyasat sa pagkalalake nang hindi ito inaayon sa proyekto ng

pagwasak ng patriyarka ay matutukoy na “intellectual masturbation” at posibleng “new accommodations” lamang ng dati nang mga problematikong kalagayan (Solomon-Godeau 1995, 76). Mula doon, masasabing ang espisipikong siwang na pinapasok ng ganitong paghahanap ng gitna ay nakatuon sa pagbabalangkang ng isang poetika ng pagkalalake na hindi lamang basta-bastang dikotomiya ng mainam-hindi o mabuti-masama. Sinusubok din nitong pangalanan ang penomenon kung bakit nga ba ito lamang ang naiiwang mga posibilidad para sa pagsusuri ng pagkalalake. Pagtatangka ito na suungin ang napakalawak at napakalalim na kaligiran ng tanong: ano nga ba ang lalake at pagkalalake?

Tuwing magtatangka na maalpasan ang ganitong tanong ukol sa lalake at pagkalalake, laganap din ang istrategiya ng pagbaling sa ibang mga aspekto o artikulasyon ng identidad nang sa gayon mabigyang-lamang ang pawala-walang mukha na ito. Sa ganitong mga pagbaling, tinitingnan ang lalake at pagkalalake hindi lamang bilang mga nakabukod na kategorya kundi mga pangalang nakatahi rin sa pagiging, bilang halimbawa, ama (Alipio 2013; Bunagan 2014), manggagawa (Fabinyi 2007; Tolentino 2009; Turgo 2014), o migrante (Borjal 2016; Cruz 2012; España-Maram 2006; Fajardo 2011; San Pablo Burns 2008). Nangangailangan ang ganitong pagbaling ng sisidlan na pupunuin ng pagkalalake upang magkaroon ng hugis at anyo ang dating pawala-wala. Nabibigyang-depinisyon tuloy ang pagkalalake sa mga bokabularyo ng mga larangang ito—halimbawa, ang pagkalalake ay naipaparis sa mga paniniwala tungkol sa mga dapat gampanang responsibilidad ng isang ama sa loob ng isang pamilya, ang pagkalalake ay naitatambal sa kakayahang makibahagi sa mga uri ng paggawa na kinikilala ng mas malawak na kapitalistang sistema, o, ang pagkalalake ay nagiging paraan ng isang migrante upang ibukod ang sarili sa mga di-sinasang-ayunan na artikulasyon ng pagkalalake sa mga dinadayong bansa.

Napakahalaga ng ganitong mga perspektiba nang sa gayon mapalawak at mabigyang-anyo nga ang iba't ibang sandali ng pagkalalake, mapa-kultural man o historikal. Subalit, sa isang banda, may tila pawala-wala pa rin dito: Nagagawa ba nitong ipaliwanag nang buong-buo ang mga maliliit na pagwawasak na ginagawa ng lalake, lalo na ang mga kaharasang sekswal at sari-saring fantasia't represyong kasabay nito? Sapat ba ito upang maipaliwanag, halimbawa, ang ginagawang pagpapasahan ng isang barkada ng mga lalake sa isang di-kilalang babaeng estrangherong napili lamang nang walang dahilan? Mabibigyan ba nito ng paliwanag kung bakit nararamdaman ng isang lalakeng pasahero sa bus na may karapatan siyang magsalsal sa biyahe at magpahid ng kaniyang likido sa pantalon ng katabing babae na tulog at pinagnanasaan niya?

Tuwing susuriin ang pagkalalake sa isang akda ng lalake, may limitasyong nabubuo sa tatlong ruta na nabanggit. Kung tatawaging *toxic* ang pagkalalake, mananatili pa rin itong toxic pagkatapos ng pagsusuri. Kung ituturing naman na alternatibo at posibilidad itong posibilidad ng pagkalalake, tila nakakawing pa rin ito sa pagkansela at literal na pagbabaliklad ng mga tinutukoy na negatibong katangian ng pagkalalake. At kung idadawit naman ito sa ibang mga artikulasyon ng identidad na mas nakatuon sa ugnayang panlipunan, may mga aspektong lubos na indibidwal at personal na hindi nito nagagawang ipaliwanag. Mabigat ang kontribusyon ng bawat ruta, at mainam na panatiliin ang ganitong tradisyon ng pagsusuri ng pagkalalake, lalo na sa mga akdang pampanitikan. Subalit sa mga pagkakataong hindi nito matagpuan ang ubod ng pagwawasak ng lalake, saan ngayon babaling? Itong paghahanap ng gitna, itong panliligaw sa naliligaw na nawawalang pagkalalake, ay, kung gayon, pagtatangka na kilalanin ang lalake sa bunsod ng kanyang pagkalalake. Isa itong pagtatangka na buksan ang posibilidad ng pagsusuri ng lalake na hindi lamang preskriptibo at mapangparusa. Kailangang makahanap ng pamamaraan

na hindi lamang “self-generation” (Bhabha 1998, 57) ang patutunguhan ng pag-aaral. Isa itong pagtatangka na unawain kung ano ang saysay ng pagkalalake, at kung paano, sa sarili niyang mga banggit at artikulasyon, siya mismo ang nagpapanukala ng kaniyang pagkawasak at pagkawala.

Angas: Istratehiya ng Pagbukod at Pagkilala ng Pagkalalake

Paano kikilalanin ng isang lalake ang kanyang pagkalalake? Sa isang panlipunang modelo, mainam balikan ang konsepto ng *hegemonic masculinity* ni RW Connell bilang pangunahing lente na maaaring magbunsod ng pagkilala ng lalake sa kanyang pagkalalake. Ang hegemonic masculinity, aniya, ay ang panlipunang modelo ng paniniwala’t pagtitiwala na nagsasaad sa dominanteng posisyon ng lalake bilang normal at karaniwan (Connell at Messerschmidt 2005, 832). Makapangyarihan at nakatataas dapat ang lalake, at ang ganitong pagkakabuod ng lipunan ay sumusunod lamang sa mga aspektong matagal nang naitaguyod—nariyan, halimbawa, ang usapin ng militar at kapulisan bilang balwarte ng kalalakihan (kung saan nagiging pisikal ang kapangyarihan at ineendorso pa ng estado), o kaya ang pagiging lipana ng mga imahen ng matitikas at macho na lalake sa mga espasyo ng kulturang popular tulad ng mga pelikula, TV commercial, at iba pa. Bagaman walang anyo ng hegemonic masculinity na nananatiling pareho lalo na kapag dinala sa iba’t ibang konteksto, ang ganitong *ambiguity* din ang naglilina sa ganitong uri ng masculinity bilang mekanismong laging nagagamit sa mga proseso at ugnayang panlipunan na lubhang natatahi sa usapin ng mga fantasya at pagnanasang nakakawing sa pagkalalake (Connell and Messerschmidt 2005, 839). Sa matinding pagsasabayan ng ganitong mga impluwensiya, patuloy na nahihirang ang ganitong

pagturing sa mga lalake at katangian ng pagkalalake bilang katanggap-tanggap, at, higit pa, bilang ideal at kanais-nais.

Bagaman maliwanag na pagbabalangkas ito ng mga pagkakataon na naglalantad ang ganitong mga dominasyon (at kung bakit nais sumunod ng mga kalalakihan sa ganitong modelo), hindi pa nito gaanong naipapaliwanag kung ano nga ba ang pinakaugat nitong pangangailangan na ito ng dominasyon. May mga haka-haka, halimbawa, na itong dominasyon ay katuwang ng paniniwalang nakilala ng lalake ang kanyang halaga sapagkat siya ang nakatokang makahanap at makahuli ng pagkain, at kung gayon nagsisilbing *provider* para sa kanyang mga kinabibilangan na pangkat (pamilya man o mas malawak pa). May mga paniniwala din na ang biyolohikal na pagkakaiba ng mga lalake at babae, na pinakikitang mas akma ang anatomiya at pagkakabuo ng lalake para makapagtanghal ng lakas at dominasyon, ang pangunahing dahilan para makita ng lalake na siya ang nakalalamang. Subalit kahit nakapagbibigay ito ng mga maaaring susugan na dahilan, hindi pa rin nito lubos na napapaliwanag kung paano nanghihimasok ang dominasyong talagang may kaakibat na pagwawasak at panghahamak, lalo na sa larangang pisikal at emosyonal.

Mapagyaman kung susundin si Connell sa kanyang pagtukoy sa dominasyon bilang posibleng istratehiya ng mga lalake sa kanilang pagkabigo sa pag-abot nitong hegemonic masculinity. Iyon din kasi ang balintuna ng hegemonic masculinity--bagaman nagiging preskriptibo ito para sa uri ng pagkalalake na kaasam-asam, ang katotohanan ay hindi kailanman maaabot ang pagkalalake na ito. Walang uri ng paraan ng pamumuhay sa mundo na maipagtatagmi-tagmi sa iisang lalake ang mga perpekisyong inihahain ng mga, halimbawa, katawan nina Arnold Schwarzenegger at husay sa pananalita ni Barack Obama, kasabay ng mga

medalya para sa pagiging World's Best Father at pagiging Employee of the Month sabay sa pagiging Young Successful CEO. At sa tuwing mabibigo sa mga imposibleng pamantayan na ito, napipilit ang lalake na maghanap ng mga bagong istratehiya para iartikula at patunayan ang kanyang pagkalalake. Dito, maaaring tingnan ang dominasyon bilang mekanismo upang mapunan ang ganoong mga pagkukulang. Sa tuwing hindi maaabot ang mga di-naman-naaabot na pamantayang ito, ibabaling na lamang sa iba ang tingin at maghahanap ng mga maaaring mapagbuntunan ng galit/sakit dulot ng pagkabigo.

Interesante na tingnan itong pahiwatig na ito ng dominasyon bilang pangunahing sosyo-kultural at personal na puwersang nagtatagni sa mga lalake sa iisang pagkalalake. Ayon kay Pierre Bourdieu, may tendensiyang madomina ng mismong dominasyon ang bumabatay sa ganitong puwersa: "And this is because, as is shown well enough by all the games associated with the opposition between the big and the small, the dominant cannot fail to apply to themselves, that is, to their bodies and to everything they are and do the schemes of the unconscious, which, in their case, give rise to formidable demands" (Bourdieu 2001, 69) Bagaman hindi naman talaga mauungkat ang saktong sandali sa kasaysayan na naging "uso" ang ganitong dominasyon, at hindi matutukoy ang saktong sandali na naging normalisado nga ang tinutukoy ni Bourdieu na "extreme form of *amor fati*, love of the dominant and his domination" (Bourdieu 2001, 80) o pagpapaalipin ng lalake sa pagnanasang makamit nang paulit-ulit ang dominasyon, mainam pa rin itong gawing pangunahing lente dulot ng paulit-ulit nitong pagsulpot sa anumang usapin tungkol sa pagkalalake. Tingnan, halimbawa, ang tulang ito ng makatang si Honesto M. Pesimo, Jr.:

Kung Ituturing Pa Kitang Lalaki
Honesto M. Pesimo Jr.

Nang lumaya na ang ‘yong kamao
At gahibla na lang at dadapo na
Sa aking mukha,
Namula ang aking daigdig
Namantal pa ang isip.
Pero, pinatapang ko ang aking mga mata,
Binigyang puri ang mukha.
Kung lalapastanganin ako ng iyong lakas, di pupwede
‘Pagkat nilindol ako ng hagulgol ng ate,
Binagyo ng takot ng tiya,
Nilunod ng suntok kay nanay.
Kung mahihilo ako ng lihis mong prinsipyo
At pababayaang
Bastusin ang aking kahinaan,
Nakawin ang aking dangal,
Kulungin ang aking pagkababae,
Gahasain ang aking kaluluwa,
Makikita mo ang ‘yong hinahanap:
Tuwid ang tindig ko
Kahit na
Humalik ka sa aking mga paa. (Pesimo 2008, 24)

Sa tula ni Pesimo na may salaysay ng tila paparating na sampal o sapak ng isang kausap na babae, madaling mahahanap ang pahiwatig ng dominasyon na nais itaguyod ng persona na lalake. Bagaman may takot na naramdaman ang persona na ito, madali lang para sa kanya ang pagtataguyod ng isang posturang magsasaanyo sa matapang na mata at marangal na mukha nang sa gayon hindi tuluyang mawasak ang dominante niyang posisyon sa sitwasyong ito. Maaaring magmarka, lalo na sa pisikal, ang mismong gagawin ng babaeng kausap, subalit hindi man bibigyan ng persona ng kapingranggot na “respeto” ang gagawin ng babae na ito. Ipagkakait niya dito ang isang uri ng lalake na pagturing—ani nga sa pamagat, isusuko ko na sa iyo ang mismong sapak at sampal na ito, pero sobra naman na “kung ituturing pa kitang lalaki.” Sa pamamagitan ng pagkakait na ito, nagpapataw ng transformasyon ang persona sa gagawing

pananakit ng babae. Ninanakawan niya ng simbolikong bigat ang kilos na ito. Magtatapos pa siya sa isang hamon o pagbabanta na, kung gagawin iyan ng babae, “makikita” nito ang “hinahanap” nito—na hindi niya man gagawaran ng imik o pagpapatawad ang babae, sakaling magsisi nga ito at “humalik . . . sa . . . mga paa” ng lalake. Hindi na nga papahintulutan ng lalake na “masaktan” siya, itatakda pa niya sa isang mapanlibak na paraan na hindi pa niya pahihintulutan ang paghingi nito ng tawad, sapagkat iyon (ayon sa kanyang lohika) ang ganap na mangyayari. Sa pangunahing sitwasyong ibinubunyag ng tula, dominante hanggang dulo itong lalake.

Tulad ng nabalangkas sa introduksiyon, madaling mapapatawan ang ganitong tula ng pagbasa na pagkiling ito sa naratibong dominante ang mga lalake at pinatutuloy lamang ang ganitong kapangyarihan. Nariyan halimbawa ang pagmamaliit sa kapangyarihan ng babaeng kausap, at nariyan din ang pagtatakda sa “lalaki” bilang pribilehiyo at makapangyarihang posisyon hindi ipapaagaw o ibabahagi ng persona sa kanyang hinahamon at kinakausap. Sa dulo pa nga ng tula, ang pagpapanatili ng sarili sa isang posisyong “tuwid ang tindig” ay ang pinakamasidhing pagpapatunay--ano mang gawin ng kausap, hinding-hindi magpapakita ng kahinaan ang persona. Hindi pisikal na kahinaan, hindi emosyonal na kahinaan, hindi rasyonal na kahinaan. Mananatili ang “katuwiran” ng persona.

Interesanteng bungkalin ang dominasyon na ito bilang isang mekanismong nagpapatakbo, hindi lamang ng tula, kundi ng pagkalalake na inihahain ng tula. Mainam simulan dito sa dulo na ginagawang kahanga-hanga itong kakayahan ng sarili na maging matibay at pigilan ang pagpapamalas ng alinmang kahinaan, lalo na sa mga linyang “Tuwid ang tindig ko / Kahit na / Humalik ka sa aking mga paa.” Ang tinutukoy na tindig ay unang-una nagpapamalas sa

larangang ng pisikal, kailangang magmarka sa katawan. Dulot ng sitwasyong may kamao nga na paparating sa persona, walang mas makapagpapatunay ng kanyang lakas sa kakayahang hindi maapektuhan, sa pisikal na paraan, ang kanyang tindig. Sa isang paraan, maaaring sabihin: nagpapamalas ang pagkalalake sa pamamagitan ng kilos ng katawan, ng kilos na maaaring malasin ng iba sa katawan. Hindi ito nalalayo sa idea ng *gender performativity* na may elemento ng pagtatanghal ng diskurso sa kasarian at parating kailangang dumaan sa pagsasatanghal upang mapatibay at magawang “totoo” o “nariyan” ang kasarian, at ang paulit-ulit na pagreprodyus nito (at ang kaakibat nitong mga gawing panlipunan) ang may kakayahang magpatukoy ng kasarian (Judith Butler 2011, xxi). Ang katawan ang pangunahing lagusan. Lumalagos sa katawan ang dominasyon, upang mapatibayan at mapatotoo.

Kung may yabang man ang personang lalake sa tula, naroon nga iyon sa mababang pagtingin sa kanyang kausap at katuwang na paghihirang sa sarili bilang nakatataas at nakalalamang. Subalit ang yabang, bilang isang pakiramdam o konsepto, ay hindi agarang naglalantad sa katawan. Balikan sa tula, halimbawa, ang naramdaman niya ukol sa paparating na kamao: “Namula ang aking daigdig / Namantal pa ang isip. / Pero, pinatapang ko ang aking mga mata, / Binigyang puri ang mukha.” May naunang kislote ng takot at kaba sa persona, at agaran niya itong gustong itatwa, pero hangga’t hindi pa niya ito kinokontra sa larangang pisikal (mata, mukha) hindi pa ito matuturing bilang totoo. Kailangan ng katawan upang mapadaloy ang yabang. Kakatwa pa nga ang yabang sapagkat gagana ito bilang isang salin ng dominasyon, subalit may pagkukulang pa rin. Madalas, ginagamit ang yabang sa lubhang mga interpersonal na bagay, tulad ng porma ng damit o taas ng grades o laman ng wallet. Subalit itong yabang ay siya ring nagpapatakbo ng mga dahas ng dominasyon. Kung babalikan halimbawa ang usapin ng

objektifikasyong ginagawa ng mga lalake sa babae, hindi ba maituturing ito bilang isang distorsyon ng yabang? Na ang pagtingin sa babae bilang obheto lamang na maaaring magdulot ng satisfaksiyon ng pagnanasa, ay hindi lamang basta-bastang pagiging predator na alipin sa mga sekswal na pagnanasa, kundi isang uri ng pagpapahiwatig ng yabang? Na ang lalake, mataas, ang babae, hindi, at kailangang isaisip at isakatawan ang pagyayabang na ito?

Mapagyaman na suungin itong konsepto ng yabang bilang karakterisasyon at kilos na nakakawing sa usapin ng pagkalalake. Bakit nahihirati ang lalake sa ganitong pagsasakatawan ng yabang? Ito ba ang tanging paraan upang makahulagpos sa mga pagkabigo dulot ng pamantayan ng hegemonic masculinity? Kung oo, at malamang malapit nga sa oo ang sagot, bakit ngayon kailangang isakatawan at ipaalam sa kapwa? Bakit kailangang itanghal ang ganitong yabang, hindi lamang para sa sarili, kundi para sa ibang mga posibleng nagmamasid at nakasasaksi ng ganitong pagtatwa sa kahinaan? Mga tanong ito na magbubunga ng sari-saring mga imbestigasyon, subalit mahalaga ang binuksan nitong tulay: *ang yabang ng pagkalalake, kailangang magsakatawan, kailangang masaksihan ng iba.*

Sa ganitong pagsasakatawan ng yabang, interesanteng balikan din ang isa pang salita na madalas nagagamit kapag pinag-uusapan ang ganitong pagiging kanais-nais ng mga katayuan ng mga lalake at ang pagsasalin nito sa akmalang kilos, tikas, o asta. Ang salitang angas, na lumalabas kahit pa sa Vocabulario de la Lengua Tagala nina Noceda at Sanlucar, ay binibigyang-kahulugan bilang “mayabang lumakad” (Noceda at Sanlucar 2013) Sa kontemporaryong panahon, ang *angas*, higit sa mas matapang na panghalili sa salitang *astig*, ay nagagamit madalas katuwang ng mga action star, mga manlalaro ng basketball, at mga gangsta rapper: Nariyan ang mahusay na manlalaro ng koponan sa PBA na Magnolia Hotshots na si Paul Lee, na may palayaw na “Angas

ng Tondo.” Sa FlipTop Rap Battle League, ginagawang kapital sa panghuhusga ng pagkapanalo kung “maangas” ba ang mga binitiwang linya ng isang rapper. Hindi rin nalalayo ang pagkabit ng salitang *angas* sa mga politikong mahilig magmura at magpakawala ng mga kabastusan sa kani-kanilang bunganga, lalo na kung gumagawa ng mga malalaswa at mapanakit na biro ukol sa mga kababaihan at mga miyembro ng LGBT. Ang *angas* ang yabang na naisakatawan. Hindi maituturing na maangas ang isang tao kung hindi ito nagpapamalas sa kaniyang katawan. Sa sandaling ang tahimik na kaklase ay magbitiw ng mura o magpakita ng kilos na biglang kahanga-hanga, biglang maitatransforma ang paratang na *dead kid* papunta sa papuri na *ay maangas pala siya*. Ang *angas* ay ang dominasyon ng pagkalalake na naisasakatawan.

Hindi malinaw kung ano ang etimolohiya ng salitang *angas*. Wala rin itong salin na mukhang nasasaklaw nang ganap ang pakiramdam nito, lalo na sa pagtatawid nito ng yabang at katawan at dominasyon. Sa Ingles, halimbawa, may salitang *swagger* na pinangangahulugan bilang “to conduct oneself in an arrogant or superciliously pompous manner[,] *especially* : to walk with an air of overbearing self-confidence” (Merriam-Webster), subalit hindi ganap na naitatapat ang *angas* at *yabang* sa *arrogant* o sa *self-confidence*. May elemento kasi ng dahas at dominasyon na nakapaloob sa *angas* na wala sa *arrogant*. Halimbawa, nagagamit ang *angas* bilang isang pandiwa o kilos: “Inangasan ako ng kabarkada niya e.” Nagagamit din ang *angas* bilang paratang na wala sa lugar ang yabang ng kausap, subalit alam ng nagsasalita na mas may kapangyarihan siya--halimbawa, puwedeng manghamon gamit ang pagbanggit ng simpleng katagang “Angas mo ‘a’ o kaya pagpuna ng “Masyado ka yatang maangas.” Dagdag pa sa lahat ng ito, bagaman walang estadistikang magpapatunay nito, balwarte ng mga lalake ang salitang *angas*. Hindi karaniwan na tutukuyin bilang maangas ang isang babae, maliban na lamang kung

nagpapamalas siya ng mga katangiang madalas karakterisado bilang sa lalake, at lalong hindi natuturingan bilang maangas ang mga miyembro ng LGBT, lalo na sa mga lalakeng bakla. Kung ipapataw man sa isang lesbian, halimbawa, ang angas, kadalasan nagtutunog pang-uuyam ito na nanggagaling sa paniniwalang hindi naman talaga nito naaangkin ang angas.

Ang angas, kung gayon, ay pagbubukod. Nakokodipika ang angas bilang teritoryo ng pagkadalake, at nakokodipika naman ang pagkalalake bilang teritoryo ng angas. Nakasalalay ang angas sa walang-sawang pagpapatakbo ng naratibo ng dominasyon: ako ang mataas, ikaw ang mababa. Kung istrategiya man nga ito na ginagawang pansalo sa mga pagkukulang na dulot ng hegemonic masculinity, hindi na mahalagang tukuyin kung hanggang saang nibel. Ang mahalaga, narito ang dominasyon, at paulit-ulit itong natutunghayan, paulit-ulit na nirereprodyus ng mga sari-saring salik ng kultura, palaging nakahahapan ng siwang na mapagsusuutan sa mga personal na espasyo ng kalalakihan. Palaging ginaganap ang matinding rehearsal ng dominasyon. Sa posisyon ng lalake bilang nakatataas, laging nakalalamang, hindi lamang bahagi kundi sentro ng danas ng pagkalalake sa mundo ang pag-aangas.

Kaya rin ang pagsuko o pagpapakamalambot ay tinuturingan bilang mga pagpapakawala ng pagkalalake. Hanggang sa dulo, pilit tatanggihan ang ano mang hindi natutulak papunta sa isang lugar na higit pang maangas. Ayon nga sa tula ni Pesimo: “Kung lalapastanganin ako ng iyong lakas, di pupwede / ‘Pagkat nilindol ako ng hagulgol ng ate, / Binagyo ng takot ng tiya, / Nilunod ng suntok kay nanay.” Interesante dito na may pagtatala ng mga pagkakataong nakalamang ang kababaihan sa larangan ng karahasan, subalit narito lamang ang talang ito upang wari bang patunayan na tapos na ang mga dominasyong nagawa sa persona dulot ng mga babae, na minsang naging mas “malakas” kaysa sa kanya. Doble-kara ang pinagagalaw nito: Una, sa

usapin ng lakas, sapagkat nagawa na ang mga karahasan na ito sa nakaraan ay tila isnasawalang-bahala na ng persona ang kakayahan nitong makasakit pa sa ngayon. Kaya mahalaga ang imperatibo na “di pupwede” sapagkat hindi man ito pagtitiwala sa pagbangon o sa paghilom ng sugat, kundi ganap na pagtanggap na may magagawa ang babae. Nagiging pakitang-lakas lamang ang galaw na ito. Ikalawa, may malisyosong pagbabaliklad din dito sapagkat sa paglilista ng mga babaeng kapamilya at ang kanilang mga ginawang pananakit, tila inaangkin pa ng lalake ang dominasyon sa larangan ng moralidad. Wari bang ang mga babae pa ang may kasaysayan ng pangwawasak at karahasan, at siya, ngayon pa, ang magsisilbi bilang bida sapagkat natiis at nakaya niya ang ganitong mga pananakit. Higit sa pagiging bida, nagiging mala-bayani pa ang sitwasyon niya sa dulo sa kakayahang tumindig nang matuwid, dahil saktan man siya nang paulit-ulit ay tila ba hinding-hindi siya susuko—ang pagtagal, ang *survival*, ang manatiling nariyan, lahat bilang ang mga pinakapatunay ng hindi nagmamaliw na dominasyon. Hanggang sa huli, retorikal man o literal, ang lalake ang mananatiling nakatayo. Wala nang mas aangas pa sa ganoong pagsasarealidad ng presensiya.

Agnas: Ang Paghahanap sa Pawala-walang Pagkalalake

Kung hihinto sa angas ang pagsusuri ng poetika ng pagkalalake, magkakaroon ng tendensiyang basahin na lamang ang lahat ng pagmamalabis na ginagawa ng lalake bilang sintomas ng angas. Tulad ng nabanggit sa introduksiyon, may ganito nang modelo ng pagsusuri na nakasanayan pagdating sa mga akda ng lalake, iba-iba lamang ang nagiging pangalan: *toxic masculinity*, *male ego*, *masculine domination*, at iba pa. Sa ganang ito, bagaman nabibigyan nga ng paliwanag ang mga problematikong kilos na madalas kinahahanayan at patuloy na pinapraktis

ng mga lalake sa kanilang pagpapatotoo ng kanilang pagkalalake, nagkakaroon pa rin ng teoretikal na limitasyon. Paano nito, halimbawa, mabibigyang-saysay ang alternatibo ngang ruta ng pagsusuri, kung saan parati na lamang ang “alternatibo” o “bagong” pagkalalake ang kinakatha? Paano nito makikilala ang lalake na hindi lamang caricature ng kasamaan sa mundo o eternal na pagtakas sa kasamaang nabanggit? Paano sasaklawin ang pareho sa iisang balangkas?

Kung babalikan ang tula ni Pesimo, mapapansin na nahahati ito sa dalawang yunit pampoetika. Sa unang bahagi, nailalatag ang sitwasyon kasabay ng artikulasyon ng angas:

Nang lumaya na ang ‘yong kamao
At gahibla na lang at dadapo na
Sa aking mukha,
Namula ang aking daigdig
Namantal pa ang isip.
Pero, pinatapang ko ang aking mga mata,
Binigyang puri ang mukha.
Kung lalapastanganin ako ng iyong lakas, di pupwede
‘Pagkat nilindol ako ng hagulgol ng ate,
Binagyo ng takot ng tiya,
Nilunod ng suntok kay nanay. (Pesimo 24)

Malinis ang pagkakalatag ng bahaging ito ng tula sapagkat nahuhuli na nito kahit ang kasaysayan ng dominasyong pilit na binibigyan ng sariling artikulasyon. Bagaman maaaring isipin na pupunta sa higit na mabait na posisyon ang persona, sapagkat maaaring basahin ang pagpapatapang ng mata at pag-aayos ng mukha bilang buong-buong pagpapakumbaba at pagtanggap, sisiguruhin ng tula na hindi ganoon ang kaso. Matinik dito ang pagkatha, sapagkat wala pan dalawang salita pagkatapos ng ganitong pagpapakatayang ay babansagad agad bilang uri ng paglalapastangan ang ginagawa ng babaeng kausap. Hindi binibigyan ng tula ang mambabasa ng pagkakataong sukatin ang sitwasyon, kung kanino nagbubunsuod ang

pagkakamali at karahasan, kung sino ang maaari at dapat kampihan. Bilang lohikal pa na pagpapatuloy, bokabularyo ng sakuna ang gagamitin para sa gagawin ng kababaihan: pansinin ang mga salita tulad ng *nilindol*, *binagyo*, at *nilunod*. Bagaman may pagkilala sa nagawa sa kanya ng mga babaeng ito, ang pamantayan lamang ng pagkalalake ang nananatiling mahalaga. Kung hindi dominasyon, hindi iyon totoo. Bagaman may hindi nakasulat na pagpapahalaga sa ganitong mga babae sa bahay ng persona (sapagkat, malamang naman ay may pagmamahal siya sa mga babaeng nagmahal at nag-alaga sa kanya), sa huling hantungan ang dominasyon ang nananatiling pinakamahalagang panukat. At mahalaga ito, hindi para sa mga babae mismo, kundi para sa persona na lalake. Sapagkat kung hindi maipapaliwanag ang anumang kilos sa larangan ng dominasyon at angas, hindi ito nagsisilbi sa proyekto ng pagbuo ng pagkalalake. Sa pagiging “unmarked” sex ng lalake (sapagkat hindi maikukumpara man lang sa halimbawa ang reprodktibong halaga sa panganganak na ginagawa ng babae), sa kanyang kawalan ng maigigiit maliban sa sarili (muli, kaya isinasakatawan ang yabang), angas ang tanging mekanismo upang mabigyan niya ang pangalan ng sarili. Kaya, sa isang masokistang paraan, may kung anong saya o tuwa na mauulinigan sa tula: mabuting nariyan na ang paparating na sampal at sapak, dahil sa wakas, muli, sa wakas, magpapakita ang pawala-walang pagkalalake na tanging nakakapitan.

Interesanteng balingan ng diskusyon ang pagiging “unmarked” ng lalake. Pansinin ang diskusyon dito ni Reeser:

To talk about this invisibility in academic terms, I might say that masculinity tends to function as "unmarked." Because meaning is made through opposition (e.g., the word "man" and the concept behind it make sense because they are assumed to be not "woman"), theorists often consider "masculinity" as one element of a binary opposition with "femininity." In the opposition of two elements, one element can be considered unmarked--more frequent or less noticed than its marked counterpoint. Heterosexuality is unmarked because we tend not to think about it while homosexuality is marked, and whiteness is unmarked while blackness is marked. If masculinity is unmarked because it is taken to be the norm and not thought about unless in opposition to something else, femininity is the marked category because people tend to think about it more often when they see it. Traditionally in Western culture, women are considered to have a gender, while men are more often considered genderless. But as the French theorist Roland Barthes writes, the unmarked term is not simply and purely absence of meaning, but what he calls "a significant absence." Precisely because a term is unmarked, its silence speaks. (Reeser 2010, 8)

Sa ganitong lagay, posibleng manganib ang lalake kapag nahinuha niyang ang kanyang pagiging “default” ay maaari palang tumukoy sa kaniyang pagiging “unmarked.” Maaari ngang matukoy bilang “norm” itong pagkiling sa isang identidad na nakabatay sa pagkalalake, subalit ano pa ang maaaring definisyon nitong pagkalalake maliban sa pagiging “norm” nito? May kahungkagan ang salitang “norm” sapagkat pantukoy lamang ito sa pagkakatulad ng isang grupo o pangkat ayon sa pagkakapare-pareho ng kanilang katangian. Kapag pipiliing lampasan ang ganito: may “pagkalalake” kaya na binubukod ang sarili sa likod ng pagiging normalisadong tagapagpatupad ng dominasyon? Kailangang alalahanin ito sapagkat may mga pagkakataon na ginagamit ang ganitong pagiging “unmarked” ng katawan ng lalake bilang istrategiya naman upang itago ang “anxiety” sa pagkukubli o pagsasantabi nito bilang obheto sana ng usapin (Reeser 2010, 111-112) Kung gayon, lalong mainam na hanapin ito at hindi makuntento sa di-markadong bersyong maaaring isinisiwalat. Sa punto de bista naman ng lalake, naging pagkakataon ang dominasyon upang malagyan ng marka.

Lumilinaw ang paghahanap na ito sa ikalawang yunit pampoetika ng tula ni Pesimo. Mahalagang alalahanin na bagaman angas ang pangunahing artikulasyon ng pagkalalake, hindi ito ang kabuuan ng proyekto. Mahalagang tukuyin ang angas hindi lamang dahil makakaambag ito sa pagsusuri ng mga karahasan ng lalake, kundi dahil bahagi ito ng poetika ng pagkalalake. Tingnan ang ikalawang yunit:

Kung mahihilo ako ng lihis mong prinsipyo
At pababayaang
Bastusin ang aking kahinaan,
Nakawin ang aking dangal,
Kulungin ang aking pagkababae,
Gahasain ang aking kaluluwa,
Makikita mo ang ‘yong hinahanap:
Tuwid ang tindig ko
Kahit na
Humalik ka sa aking mga paa.

Sa bahaging ito na nasasaklaw na hanggang dulo ng tula, mainam pansinin ang kawatwang naratibo ng dominasyon na nililikha at pinatutunay ng persona. Pagkatapos ng “pagkahilo” dulot ng prinsipyo (na tumutulay din sa paparating na sapak at sampal), ang dapat pisikal lamang na kilos ay pinapatawan ngayon ng pagbibigay-kahulugan sa karanasan at identidad. Seryosong usapin itong dominasyon, sapagkat kaya nitong “Bastusin ang aking kahinaan, / Nakawin ang aking dangal, / Kulungin ang aking pagkababae, / Gahasain ang aking kaluluwa.” Lalong kakatwa ang mga salitang ginamit ng persona para tukuyin ang maaapektuhan sa kanya sa ganitong naratibo ng dominasyon: *kahinaan*, *dangal*, *pagkababae*, at *kaluluwa*. Lubos na internal ang paksain ng mga pahiwatig na ito, at pinakainteresante na siguro ang pagrereferensiya sa *pagkababae*. Bakit kaya—sa ganitong tula na pilit na ngang itinataguyod ang

hindi natitinag na dominasyon ng pagkalalake—tutukuyin ng persona ang sarili niyang “pagkababae” na wari bang isa itong katangian o bahagi ng kanyang pagkatao?

Higit na bayolente ang mga minumungkahing hamon ng persona sa babaeng mananakit sa kanya. May kakayahan ang “sapak,” wari ba, na “gahasain ang kaluluwa.” Subalit kung babagtasin kung saan papunta ang mga mungkahing ito sa mismong tula, magtatapos ito sa ganito: “Makikita mo ang ‘yong hinahanap.” Sa unang sipat, tila wala naman talagang hinahanap ang babaeng kausap. Wala itong panukalang sagot o tugon na inaasahan, at kung gagawa ng hula, marahil ay nais lang nitong maglabas ng galit na nagkataong naisalin bilang isang sampal o sapak. Subalit maaari ring basahin ang linyang iyon bilang karaniwang paghahamon na ginagawa ng mga nag-aangas. Hindi ito nalalayo na maidugtong, halimbawa, sa mga kataga tulad ng “sige ka, subukan mo lang, makikita mo hinahanap mo” o kaya “kapag ako hinamon mo, makikita mo’ng hinahanap mo” o maaari ring salin ng “kung naghahanap ka ng away, away ang ibibigay ko sa ‘yo.” Subalit mabalintuna ang poetisasyon ng paghahanap na ito dahil ang magiging obheto pala ng paghahanap ay ang lalake na hindi natitinag sa pagtayo ng matuwid, sa harap man ng pisikal na sakit o paghingi ng tawad. Kung ibabalangkas, parang ganito: “kapag tinuloy mo ang pananapak mo sa akin, sige ka, ipapakita ko sa iyo kung paanong hindi ako matitinag.” Ibig sabihin, imbis na sapak ang iganti ng persona, pagpapatibay lang ng kanyang dominasyon. Angas ito na, hindi man kailangang suklian ng sampal o sapak ang kausap, sapat nang patunayan na hindi naman siya apektado.

Higit na matimbang ang sandaling ito sa tula sapagkat ipinoposisyon nito ang dominasyon hindi lamang bilang pangunahing ginagawa ng lalake kundi bilang isang tugon. Ang pag-aangas na ipinakita sa unang yunit ay tugon lamang sa paparating na kamao. At sa sandali

ng pagdating ng kamao na ito, may nahahanap, may nabubuo, may napapatunayan ang lalake. Sa katunayan, maaaring sabihin: *nabubuo ang lalake*. Kung lilinawin ang obhetibong sitwasyon ng tula, may kamao lamang ng isang tao na papalapit sa mukha ng isa pang tao. Subalit itong paparating na kamao ay nagbubunsod ng panibagong mga relasyon na napakahalaga para sa persona. Ang *masasapak na tao* ay nagiging *masasapak na lalake*. Mula sa kawalan ng identifikasyon, biglang nagiging malinaw: dominasyon ito ng lalakeng hindi magpapadomina. Kakayahan niya itong manatiling maangas sa harap ng ganitong uri ng sitwasyon. Subalit, muli, may balintuna: paano kung walang paparating na sapak?

Preskriptibo ang tula: “Makikita mo ang ‘yong hinahanap.” Subalit gumagana rin ang rebersal nito: “Makikita *ko* ang *aking* hinahanap.” Sa pagkakilindol, pagkakabagyo, at pagkakalunod ng lalake sa kasaysayan ng dominasyon at pag-aangas, imposible nang tuluyan itong mahiwalay sa kanyang pag-unawa at pagpapakilala. Maaari silang tingnan bilang “dominated by their domination” (Bourdieu 2001, 69). Masasabi pa nga siguro: kung wala ang kakayahang mag-angas, wala ring pagkalalake.

Kaya siguro, kung babalikan ang introduksiyon, lahat ng mga iminumungkahing ruta ng pagsusuri ng akda ng lalake ay nauwi lamang sa pagpuna sa dominasyon na ito o paghanap ng mga alternatibong/kontrapelong paraan sa dominasyong ito. **Sapagkat walang ibang nakakapitan ang pagkalalake kundi ang angas.** Sobrang napatitingkad pa ito na kahit sa tulang pinapaboran ang ganitong kalakasan ng lalake ay mauwi pa rin sa pagrereferensiya sa iba para magkaroon man ng gahiblang identidad, kaya napipilit na banggitin ang linya na “Kulungin ang aking pagkababae,” at nagiging mas desperado pa ito pag ipaparis halimbawa sa pagturing sa pagkakilindol ng paglalake at pagkababae bilang “orthogonal”—ibig sabihin, hindi lamang

spektrum ang pagkakalayo ng dalawa kundi tila ibang dimensyon at espasyo (Sedgwick 1995, 15-16). Sapagkat maraming ibang naratibong bumubukal at nagpapatuloy sa pakikibaka ng babae sa kasaysayan. Samantala, para sa lalake, ang walang muwang lamang na dominasyon ang nariyan. Tila ba etimolohikal at empirikal ang karanasan ng babae, samantalang sa kawalan at kablanguhan ng lalake, nagpipilit lamang ito na tingnan ang babae bilang maaari sanang pagbasehan. Maaaring tingnan ito sa pagbabaliklad na hindi naman talaga “pangunahin” ang lalake—sa halip, dahil parating ikalawa at nanghihiram lamang ang pagkalalake, dahil wala naman talaga itong esensiya na may saysay pag-usapan, nabubuang ang lalake sa pagpapatunay ng kanyang dominasyon. Hinahabol ng lalake ang angas na para bang ito ang tanging makapagpapatunay na totoo siya. Hinahabol ng lalake ang angas na para bang, alinmang sandali, *maaari siyang tuluyang maagnas*.

Mainam itong punto de bista ng *pag-aangas at pagkaaagnas* na panggalingan sa pagtukoy ng pawala-walang pagkalalake. Sakop nito ang di natatawarang kasaysayan ng dominasyon at ang kawalan ng identidad ng lalake na hindi nakakawing sa ganitong dominasyon. Bagaman may mga natutukoy naman bilang mga positibong paraan ng pagtatanghal ng pagkalalake (hal. hindi nakikilahok sa diskriminasyon o kaya mabuti at mapang-alagang ama), tila mga foil lamang ito sa mas karaniwang kayang gawin ng lalake (hal. makilahok sa diskriminasyon at maging ama na hindi nakakamtan ang mga responsibilidad sa pamilya), sa puntong hindi ito maaasahan bilang mga empirikal na pagpapatunay sa danas ng lalake. Sa sandaling magdodolina ang lalake, nasisipat ang kanyang pagkalalake. Sa sandaling magpapasakop siya, nasisipat naman ang paglaho ng kanyang pagkalalake. Kaya kailangan

manatiling nag-aangas ng lalake upang hindi maagnas—alinmang sandali, mahuhulog siya sa kawalan ng kahuhulugan.

Mainam pa lalo na ibalik ito sa mismong pamagat pa lamang ng tula ni Pesimo: “Kung Ituturing Pa Kitang Lalaki.” Madali itong basahan na pagpapatunay lamang ito ng dominasyong ayaw isuko ng lalake, lalo na sa isang kausap na babae at ang sangkababaihan. Subalit sa balangkas ng angas at agnas, nagkakaroon pa ito ng higit na bigat: *Kung ituturing pa kitang lalaki, tuluyan na akong mawawala*. Sapagkat kung hindi babae ang kausap at lalake lamang din, nakukulong ngayon ang dalawang hipotetikal na lalake sa isang sitwasyong nakasalalay ang identifikasyon ng bawat isa sa isa pa. Nagiging *loop* ito kung saan hindi matutukoy kung sino ang nauna. At kung gayon, mapanganib at baka pareho silang mawala.

Kakatwa isipin na, sa isang paraan, ganito gumagana ang mga ugnayan sa pagitan ng mga lalake at sa mga pangkat ng mga lalake. Mahalaga tukuyin, bilang alingawngaw sa tanong ni Eve Kosofsky Sedgwick sa kaniyang seminal na akda na *Between Men*, ano ang pagkakaiba ng *homosocial* na ugnayan sa *homosexual* na ugnayan (Sedgwick 1985, 1-10), lalo na sa mga nabubuo nitong istruktura at implikasyon sa larangan ng kapangyarihan? Sa pagbubuo halimbawa ng mga *fraternity* o kaya ang mga pagsasapuso ng mga mensaheng *tropa bago syota* (o sa Ingles, minsan sinusulat bilang *broes over hoes*), nakagagawa ng sistema na ihinihirang ngayon ang babae bilang puwersang kayang buwagin ang maselang modelo ng pakikipag-ugnayan na hindi sila nanganganib na maagnas. Sa pagprotekta halimbawa ng mga *frat member* sa isa’t isa, pilit nilang iginigiit na hindi dapat masira ang pagtitiwalang nabubuo sa mga kapwa lalake, at mainam na basahin ito bilang mekanismo upang mapanatili ang kanilang angas lalo na sa pagsaksi ng lipunan. Kaya rin napakahalaga sa mga ganitong pakikipag-ugnayan

ang *exclusion* o pagtatanggal ng sinumang hindi lalake—sa sandaling ituturing na rin nila na nasa antas ng kapwa-lalake ang mga babae o ang mga miyembro ng LGBT, nawawalan sila ng angas at naaalala nila ag kanilang posisyon bilang pawala-walang imahen na wala naman talagang saysay kundi ang pagnasaan ang pag-aangas.

Kung ituturing pa kitang lalaki, mawawala sa lalake ang tanging kinakapitan na istrategiya ng pagbubukod, identifikasyon, at pagkilala sa kanyang pagkalalake. Kaya sa usapin halimbawa ng *fragile masculinity*, lubos na nagiging dahilan ng *anxiety* sa pagkalalake ang mawalan ng oportunidad. Ganito ang nangyayari halimbawa sa diskurso ng kakayahang sekswal, ang kapasidad para sa “performance,” at ang diskurso sa pagitan ng “matigas” at “malambot” (Bordo 1999, 55). Subalit, hindi tulad ng mga popular na pagbasa na ipinipinta ang ganitong *fragility* dulot lamang ng kultural na paniniwala sa mga papel ng lalake, na dagok lamang ito sa tinatawag na *ego*, mas mainam tingnan ang *fragility* na ito bilang takot sa tuluyan at lubusang pagkawala sapagkat wala pang ibang nalilikhang naratibo ang mga lalake. Kung tutuusin, baka nga dagok pa ito sa mismong *id* sapagkat nililigwak nito ang kahit ano mang pagnanasa ng isang lalake at inuuwi na lamang sa malahayop na gutom at tulog. Kapag tuluyang binunot ang naratibo ng angas mula sa kasaysayan ng pagkalalake, ang naiwan ay isang hungkag na korte ng laman na ang tanging ambag lamang sa lipunan ay maging tagapaglingkod sa babae sa isang reproduktibong ugnayan. Hindi mahalaga ang lalake. Kaya kailangan ng lalakeng igiit ang kanyang halaga.

Kaya rin, sa dulo ng mismong tula, mahalaga na magawang imahen ang paghalik ng babaeng kausap sa paa ng lalake na persona. Subalit imbis na makita ito bilang dominasyon ng isang nakatayo at isang nakaluhod, may bago na itong ipinipintang sitwasyon. Ang paghalik ng

babae sa paa ng persona ay dramatisasyon na lamang ng ugnayang dominasyon na namamagitan sa kanila. Ang paghalik na ito ay kung gayon hindi halik ng isang dinodolina; halik pa nga ito ng pag-aalaga, halik pa nga ito ng naaawa—alam niyang ito na lamang ang maaaring gawin ng lalake upang manatiling nakakapit sa kanyang pagkalalake. At ang sumpa pa rito, hindi maaaring basagin ng lalake ang dula na ito ng dominasyon, hindi siya maaaring magpasalamat sa babae dahil labag ito sa naratibo ng angas, at hindi niya maaaring pigilan ang babae (lalo na't matindi nga ang kanyang kapit sa pagkalalake) sa gagawin nito. Muli, kung ituturing pa niya na lalake ang babae, wala nang matitira sa kanya.

Isa lang ang ubod nito na makikita pa lamang sa mga linyang “Namula ang aking daigdig / Namantal pa ang isip.” May takot ang lalake, oo. Subalit mas takot siyang tuluyang mawala.

Wakas: Lahat ng Nag-aangas ay Inaagnas

Bagaman lantad na lantad na, kailangan pa ring linawin na kung makikita bilang ganitong naglalandas ng sabay na angas at agnas ang pagkalalake, problematiko kung gayon ang mga lalake. Alam naman na iyon ng lahat. Negosyasyon lagi ng ganitong dominasyon ang kailangan upang hindi sila tuluyang mawala. Sa kasamaang palad, dokumentado nang lubos ang mga pangwawasak at panghahamak na ginagawa ng ganitong dominasyon. Sa lahat ng yunit panglipunan, nagiging sanhi ng pagkasira ang ganitong mga dominasyon. Isipin lamang halimbawa ang mga lupon ng mga lalakeng politiko na ibinarkada ng kanilang mga fraternity sa mga law school, ang hindi matanggal na pagkiling sa patriyarka at katuwang na *misogyny* na paulit-ulit na ibinabandera bilang “karunungan” ng simbahan, ang ilang henerasyong pagsasawalang-bahala sa mga babae ng isang pamilya, o kahit man lang ang pambubully na

gagawin ng isang seksiyon ng isang pribadong all-boys school kapag natuklasang bakla ang kanilang kaklase. Mapangwasak ang angas. Patuloy nitong binabasag, sinasaktan, at minamanipula ang nais idomina. Ibig lamang sabihin: tinututulan dapat ang ganitong naratibo ng dominasyon.

Ngunit ang implikasyon: tinututulan din dapat ang pagpupursige ng mga lalake ng dominasyon sa adhikain nilang hindi mawala. Tinututulan dapat ang angas kahit ang ibig sabihin nito'y tuluying aagnasin ang mga lalake. Paano iyon tatanggapin ng mga lalake?

Sa sandaling ito, ibabaling ko sandali itong panimulang sipat patungo sa aking sarili. Binuo ko ang ganitong pagsipat sapagkat, unang-una, isa akong lalake. Hindi ko nais takasan ang realidad na iyon sa pamamagitan ng pagtatago sa likod ng pagtatanghal na nagagawa ng akademikong pag-aaral. Hindi ko rin nais takasan ang pagdamay ko ng aking sarili sa mga lalake na kanina pang pinupuna: lalake ako, lalake rin akong sumasalalay sa mga kislot ng pagkalalake na naibibigay sa akin ng angas, lalake rin akong napapabilang sa napakaraming mga naratibo ng dominasyon na awtomatiko akong kabilang dulot ng aking pagiging lalake, at lalake rin akong hindi maitatatwa ang realidad ng mga pribilehiyong ito kahit ano pang paghingi ng tawad o *self-castration* ang aking gawin. Nagmumula, kung gayon, ang pag-aaral na ito mula sa pagnanasang makahanap ng paraan na unawain ang pagkalalake sa isang paraan na maaaring maging produktibo ang nabanggit na pagsusuri. Alam na alam ko rin kasi kung paanong ang nabanggit na unang ruta, ang halimbawang pagtukoy sa lahat ng pagkakataon na nagiging toxic ang pagkalalake, ay hindi rin sapat upang tuluyang basagin ang poder ng kalalakihan. At kung aayon naman ako sa ikalawang ruta, alam ko ring bahagya ding nagkukulang ang usapin ng

“alternatibo” o “bagong” lalake sapagkat nagiging tahasang reaksiyon lamang ito sa mga pagkakataon ng pagiging toxic at dominante.

Kailangan lang tandaan na isinasagawa ko ang pag-aaral na ito nang may kamalayan sa pribilehiyo at kapangyarihan na mayroon ako bilang lalake. Lahat nga naman ng pagkilos sa pagdestrunga nitong kapangyarihan na manggagaling sa lalake ay kakailanganing kaharapin ang sariling kapangyarihan--ika nga ni Richard Fung, “to organize as men is to organize from a position of power” (Fung 1995, 297). Mahalaga sa akin na gawin ito bilang isang lalake sapagkat sa tingin ko ito ang matatanggap ko (sa aking sarili) na sagot sa hamon ng mga kaibigang babae at LGBT na patunayan ang pagiging kakampi nang hindi lamang basta-bastang nananahimik o “umiiwas sa paggawa ng masama.” Kumbaga, hindi opsiyon ang umiwas na lamang sa pakikibaka para sa mga marhinalisadong identidad at makuntento na lamang sa isang tahimik na bersiyon ng aking pagkalalake. Kailangan, may mangyari pa rin. Kaya rin, sa puntong tinutulak ko ang pag-aaral na ito at nagiging malinaw sa akin na pagkaagnas ang katuwang ng angas, aaminin ko ring may takot din akong nararamdaman. Sa kahabaan ng aking buhay, sa tulong ng kultura at sari-saring mga institusyon, naniwala’t nagtiwala ako sa naratibo ng pagkalalake. Ngayong nakikita ko ang pagkalalake (at ang balintuna nito) bilang siyang magdadala sa akin sa pagkaagnas, ano ang dapat kong maging tugon dito?

Dito ko naisip ang pormulasyon na “Lahat ng nag-aangas ay inaagnas.” May lohikal na pagkakasunod dito: kung sino man ang mag-aangas, magdudulot din ito ng pagkaagnas. Subalit nakikita ko rin ito bilang deklarasyon lamang ng katotohanan ng kasalukuyang sitwasyon. Na ang mga lalake ay nag-aangas. Na ang mga lalake, sa kanilang kalikasan at kasaysayan, ay nag-aangas. Na ang mga lalake, bukod sa nag-aangas, ay inaagnas. Na ang mga lalake, sa

kanilang kalikasan at kasaysayan, ay patuloy at laging nanganganib na maagnas. Sabay na nangyayari ang dalawa. Deklarasyon lamang ng isang katotohanan. Silang mga nag-aangas ay sila ring mga inaagnas.

Mahalaga sa akin na basahin ito hindi bilang imperatibo o preskriptibo kundi bilang payak na deklarasyon lamang. Kung gayon kasi, tulad ng matagal ko na rin namang takot, walang grandeng solusyon na tuluyang pupuksain nang ganoon-ganoon na lamang ang poder ng kapangyarihang naitayo ng mga lalake at pagkalalake. Mababaling sa iba ang sagot: baka kailangan na lamang tanggapin ng mga lalake na nakadestino tayong mawala, nakadestino tayong agnasin nang buong-buo. Baka nakadestino talaga tayong mabura sa kasaysayan sa ngalan ng pagtatatwa ng angas.

Sa simula't simula, nakikita ko ang angas bilang isang kathang mekanismo para tuluyang itulak sa hinaharap ang nakaambang pagkawala. Asta lamang ito, hindi totoo. Kaya pinadadaloy sa katawan ay dahil pagtatanghal lamang. Kaya kailangang ipilit at igiit ay dahil hindi matibay ang pinanggagalingan. Sapagkat ito ang totoo: Kung radikal man nating gustong makapag-ambag sa proyekto ng feminismo at queer bilang mga lalake, kailangan na nating tanggapin na sa una't una hindi na talaga tayo ang bida at magkakaroon ng oportunidad maging bida. Kung gusto nating makapag-ambag sa pagbabasag ng poder ng kapangyarihan ng mga lalake, kailangan nating maging mahigpit sa pagtanggap sa tendensiyang manatiling mahalaga. Kung gusto nating masimulan ang proyekto ng pagbuo ng isang katanggap-tanggap na pagkalalake, kailangan nating tanggapin nang buo-buo na kailangan muna nating mawala.

Sa ganang akin, hindi naman gaanong masama ang pagnanasa na tuluyang mawala. Ani Barbara Ehrenreich sa isang sanaysay na pinamagatang "The Decline of Patriarchy": "But who

can feel nostalgic for patriarchy. Its decline creates an opportunity for men and women to begin to meet as equals without the pretenses involved in gender roles, and to get together against our common sources of oppression--perhaps especially the market forces” (Ehrenreich 1995, 290).

Bilang mga lalake, may buong kasaysayan na tayong kinabilangan na araw-araw, minu-minuto nating iginigiit na mahalaga tayo. Kung magiging kolokyal lamang, *sumosobra na tayo*. Kaya, tingin ko, mahalagang yakapin natin ang pagkaagnas na ito. Para sa akin, magiging katanggap-tanggap lamang ang isang akda at pahiwatig ng pagkalalake, kung sa una’t huli, sa dulo’t simula, hinihimig nito ang kasaysayan na sabay na kinikilala ang sarili niyang nag-aangas at pilit tinatransforma ito bilang pagnanasang, sa wakas, tuluyan nang maaagnas.

Mga Sanggunian

- Alipio, Cheryll. "Young Men in the Philippines: Mapping the Costs and Debts of Work, Marriage, and Family Life." *Annals of the American Academy of Political and Social Science*, tomo 646, 2013, pp. 214–232. *JSTOR*, www.jstor.org/stable/23479244.
- Bhabha, Homi K. "Are You a Man or a Mouse?" Sa *Constructing Masculinity*, pinatnugutan nina Maurice Berger, Brian Wallis, at Simon Watson, 57-65. New York: Routledge, 1995.
- Bordo, Susan. *The Male Body: A New Look at Men in Public and in Private*. New York: Farrar, Straus and Giroux, 1999.
- Borjal, Jill A. *The Interplay of Gendered Male Role Expectations, the Migration Experience and Social Remittances on the Reintegration of Filipino Male Migrants to Naga City*. Tesis pang-masteral, Ateneo de Manila University, 2016.
- Bourdieu, Pierre. *Masculine Domination*. Salin ni Richard Nice. Stanford: Stanford University Press, 2001.
- Bunagan, Katrine S. *Street Boys to Real Men: Concepts of Manhood in Institutionalized Adolescent Boys Becoming Men Away from their Fathers*. Tesis pang-masteral, Ateneo de Manila University, 2014.
- Butler, Judith. *Bodies That Matter: On the Discursive Limits of Sex*. New York: Routledge, 2011.

- Connell, R. W., and James W. Messerschmidt. "Hegemonic Masculinity: Rethinking the Concept." *Gender and Society*, tomo 19, blg. 6, 2005, pp. 829–859. *JSTOR*, www.jstor.org/stable/27640853.
- Cruz, Resto S. "Figures of Migration Gender, Kinship, and the Politics of Representation." *Philippine Studies: Historical & Ethnographic Viewpoints*, tomo 60, blg. 4, 2012, pp. 513–554. *JSTOR*, www.jstor.org/stable/42634740.
- Ehrenreich, Barbara. "The Decline of Patriarchy." Sa *Constructing Masculinity*, pinatnugutan nina Maurice Berger, Brian Wallis, at Simon Watson, 284-290. New York: Routledge, 1995.
- España-Maram Linda. *Creating Masculinity in Los Angeles's Little Manila: Working-Class Filipinos and Popular Culture, 1920s-1950s*. New York: Columbia University Press, 2006.
- Fabinyi, Michael. "Illegal Fishing and Masculinity in the Philippines A Look at the Calamianes Islands in Palawan." *Philippine Studies*, tomo 55, blg. 4, 2007, pp. 509–529. *JSTOR*, www.jstor.org/stable/42633932.
- Fajardo, Kale Bantigue. *Filipino Crosscurrents: Oceanographies of Seafaring, Masculinities, and Globalization*. Minnesota: U Of Minnesota Press, 2011.
- Fung, Richard. "Burdens of Representation, Burdens of Responsibility." Sa *Constructing Masculinity*, pinatnugutan nina Maurice Berger, Brian Wallis, at Simon Watson, 291-298. New York: Routledge, 1995.
- Noceda Juan José de, and Pedro de Sanlucar. *Vocabulario De La Lengua Tagala*. Pinatnugutan nina Virgilio S. Almario et al. Manila: Komisyon Sa Wikang Filipino, 2013.

Pesimo Jr., Honesto M. *Bagyo sa Oktubre*. Manila: National Commission for Culture and the Arts, 2008.

Reeser, Todd W. *Masculinities in Theory: An Introduction*. Oxford: Blackwell Publishing, 2010.

San Pablo Burns, Lucy Mae. “‘Splendid Dancing’: Filipino ‘Exceptionalism’ in Taxi Dancehalls.” *Dance Research Journal*, tomo 40, blg. 2, 2008, pp. 23–40. *JSTOR*, www.jstor.org/stable/20527607.

Sedgwick, Eve Kosofsky. *Between Men: English Literature and Male Homosocial Desire*. New York: Columbia University Press, 1985.

_____. “Gosh, Boy George, You Must Be Awfully Secure in Your Masculinity!” Sa *Constructing Masculinity*, pinatnugutan nina Maurice Berger, Brian Wallis, at Simon Watson, 11-20. New York: Routledge, 1995.

Solomon-Godeau, Abigail. “Male Trouble.” Sa *Constructing Masculinity*, pinatnugutan nina Maurice Berger, Brian Wallis, at Simon Watson, 69-76. New York: Routledge, 1995.

“Swagger.” *Merriam-Webster*. Binisita noong 11 Marso 2019.
www.merriam-webster.com/dictionary/swagger.

Tolentino, Rolando B. “Macho Dancing, the Feminization of Labor, and Neoliberalism in the Philippines.” *TDR (1988-)*, tomo 53, blg. 2, 2009, pp. 77–89. *JSTOR*, www.jstor.org/stable/25599475.

Turgo, Nelson Nava. “Redefining and Experiencing Masculinity in a Philippine Fishing Community.” *Philippine Sociological Review*, tomo 62, 2014, pp. 7–38. *JSTOR*, www.jstor.org/stable/43486386.